



LÍNEA DE ASISTENCIA: 619-338-2073
SDBEACHINFO.COM



PARA SA MGA TABING DAGAT NA MAY DALUYANG PANGLUNGSOD SA PANAHON NG TAGTUYO (HINDI UMUULAN): BILANG ISANG PAG-IINGAT, IWASAN ANG PAGTATAMPISAW SA LUGAR NA MAY MGA PAGDALOY (RUNOFF) AT PANGLIBANGANG TUBIGAN NA HINDI BABABA SA 75 TALAMPAKAN MULA SA LUGAR KUNG SAAN ANG PAGDALOY AY PAPASOK SA KARAGATAN O MGA BAYBAYING TUBIG SA PANAHON NG TAGTUYO.

PARA IULAT ANG BAWAL NA MGA PAGTATAPON SA MGA DALUYANG PANG TUBIG ULAN (STORM DRAIN): (888) 846-0800



MAG-CHECK IN BAGO LUMUSONG





PANGKALAHATANG PAGPAPAYO (SA ULAN) PARA SA LAHAT NG MGA BAYBAYING DAGAT

Isang Pangkalahatang Pagpapayo ang ipinapalabas makalipas ang 0.2 pulgada o higit pang pag-ulan ang naranasan para bigyang babala ang publiko sa posibleng kontaminasyon ng karagatan at ang baybayin sanhi ng urban runoff (pagdaloy ng tubig ulan na galing sa mga lungsod na may dalang mga dumi at kalat). Ang antas ng bakteryang ay lubos na tataas habang at makalipas ang mga pag-ulan sa karagatan at sa baybaying dagat, lalo na malapit sa daluyan ng tubig, ilog at mga lagusan ng lawa. Ang Kagawaran ng Pangkapaligiran Kalusugan (Department of Environmental Health) ay pinagpapayuhan na umiwas sa paggamit o paglusong sa tabing dagat at mga baybayin ng 3 araw (72 oras) pagkatapos ng pag-ulan. Habang maraming mga lagusan ng tubig sa baybayin (mga lagusan ng tubig ulan, ilog at lawa) sa loob ng County ng San Diego ay permanenteng nakapaskil ang puting metal na karatula ng babala, karagdagang pansamantalang karatula ng babala ay hindi nakapaskil para sa Pangkalahatang Pagpapayo.



MGA PAGSASARA

Ang Pagsasara ay ipinalabas kahit anong oras na may naulat na pagtagas sa tubig kanal na maaring maka-apekto sa karagatan o baybayin ng panglibangang tubig. Ipinapalabas rin ang mga pagsasara tuwing ang mga pagdaloy ng tubig sa karagatan mula sa ilog ng Tijuana na kung saan ang ilog ng Tijuana ay kilalang apektado ng tubig kanal. Ang nakontamina na tubig mula sa kanal ay maaaring maglaman ng mga human pathogen na maaaring maging sanhi ng sakit. Pinagpapayo ng Kagawaran ng Pangkapaligiran Kalusugan sa mga gumagamit ng tabing dagat na iwasan ang pag-lusong sa karagatan at baybayin sa lugar na isinara at kung saan may mga nakapaskil na karatula ng pagsasara.



MGA PAGPAPAYO / BABALA

Ang pagpapayo/babala sa pag-lusong sa tubig ay ipinapalabas kapag nagpakita ang karagatan at mga baybayin ng kalidad ng tubig na hindi ayon sa pamantayan ng Estado sanhi ng mataas na antas ng bakteryang, o habang ang paghuhukay sa lagusan ng baybayin (ilog o lawa) ay posibleng nakontamina ang pinakawalang tubig patungo sa dagat. Ang pagbabantay sa kalidad ng tubig sa baybayin ay gumagamit ng mga bacterial indicator para masuri kung mayroong mga posibleng pathogen. Ang mga bacterial indicator ay di tiyak kung ito ba ay galing mismo sa tao, at maaaring mula sa iba pang mga pinanggagalingan tulad ng mga buhay na halaman o hayop (wildlife), mga alagang hayop, lupa, at nabubulok na mga halaman tulad ng kelp (isang uri ng damong dagat). Gayunman, ang mga tubig sa dagat o baybayin na may mataas na antas ng bakteryang ay maaaring maglaman ng mga human pathogen na maaaring maging sanhi ng mga sakit. Pinapayo ng Department of Environmental Health sa mga gumagamit ng baybayin na iwasan ang pag-lusong o paglangoy sa mga tubig dagat at baybayin kapag may mga nakapaskil na karatula ng pagpapayo/babala. Ang mga karatula ay karaniwang nakapaskil ng hindi lalayo sa 50 yarda (150 talampakan) sa alinmang panig ng isang sinasampol na lokasyon kung saan ang kalidad ng tubig ay di nakakatugon sa mga pamantayan ng Estado.



PROGRAMA PARA PAGBABANTAY SA PANGLIBANGANG TUBIG

Saan ligtas na lumangoy? Ang mga baybayin sa Timog California ay karaniwang malinis at ligtas para sa panglibangang ayon sa pagbabantay sa kalidad ng tubig. Ang mga dumaloy na tubig mula sa mga kabahayan dulot ng ulan ay maaaring hindi angkop sa mga baybayin para malangyan o mag-surf ng kahit man lang 72 oras pagkatapos ng isang pag-ulan. Ang mga baybayin na napektuhan ng urban runoff mula sa mga daluyan ng tubig galing sa ulan, mga batis at ilog ay dapat iwasan. May mga karatulang nakapaskil na nagsasabing bawal lumangoy sa mga lokasyon kung saan ang tubig ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan o nakontamina ng tubig kanal dito.

ANO ANG AMING SINUSURI?

Total na Coliform, Fecal Coliform at Enterococcus bacteria

ANO-ANO ANG MGA ITO?

Ang mga indikasyon ng posibleng sakit na gumagawa ng bakteryang/virus/protozoa (na kilala rin sa tawag na mga pathogen)

SAAN NAGMUMULA ANG MGA ITO?

- ➡ **Sa kapaligiran** - lupa, mga nabubulok na halaman
- ➡ **Sa mga dumi at labi ng hayop** - mga ibon, aso, pusa at seal
- ➡ **Tubig ulan/urban runoff (mga dumaloy na tubig mula sa mga bahayan)**- nag-iiba iba ang mga pinagmumulan
- ➡ **Sa mga tao** - mga kanal, mga batang may lampin, dumi o labi mula sa katawan ng tao

ANO ANG NANGYAYARI SA MGA BATERYA/VIRUS/PROTOZOA SA MGA TUBIG NA NILALANGUYAN?

Namamatay ang mga ito sanhi ng araw (ultraviolet light), pagkakalantad sa tubig alat (osmotic forces), edad o tagal nito sa tubig, pagkakatatunaw, nakain ng iba pang mga organismo.

ANO ANG IBA PANG MGA PINAGMUMULAN NG PANGMATAGALANG KALAKARAN SA KALIDAD NG TUBIG NA HANDANG MAGAMIT BATAY SA PAGSUBAYBAY NG DATA?

Bumisita sa Heal the Bay webpage sa healthbag.org at piliin ang Beach Report Card link para sa taunang kalidad ng tubig sa baybayin.

ANONG MGA BAYBAYIN ANG KASALUKUYANG IPINASKIL? Bumisita sa mobile website ng County ng San Diego sa sdbeachinfo.com o tumawag sa San Diego County Beach at Bay Status Hotline para sa kasalukuyang katayuan ng kalidad ng tubig sa (619) 338-2073. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa sdbeachinfo.com sa inyong computer, tablet o smartphone.

ANO-ANONG MGA PATHOGEN ANG MAAARING MATAGPUAN SA MGA TUBIG NA NILALANGUYAN NA NAKONTAMINADO NG TUBIG KANAL AT POSIBLENG DINALUYAN NG TUBIG SA BAMBANGIN?

BAKTERYA	MGA SAKIT	MGA VIRUS	ENFERMEDADES
E. Coli	Gastroenteritis	Rotavirus	Gastroenteritis
Salmonella typhi	Typhoid fever	Norwalk virus	Gastroenteritis
Shigella dysenteriae at iba pang species	Bacterial dysentery	Coxsackie virus (ilang strains)	Kabilang ang iba't ibang matinding sakit sa respiratory, lagnat, mga pagpapantal, pagiging paralisado, meningitis
Vibrio cholera	Cholera	Adenovirus	Mga respiratory at gastrointestinal na impeksyon
PROTOZOA (INTESTINAL PARASITES)	MGA SAKIT	Echovirus	Iba pa, mga katulad ng coxsackie virus (makikita lang sa mga na-eksperimentuhang hayop)
Cryptosporidium	Pagtatae - Cryptosporidiosis	Polio Virus	Poliomyelitis
Giardia lamblia	Pagtatae - Giardiasis	Hepatitis A	Nakakahawang sakit sa atay (pamamaga ng atay), maaari rin maka-apekto sa mga bato at pali (parte ng katawan na sumasala at nag-iimbak ng dugo)